

Chapter One



Walang-hanggang kulay gintong mga palayan ang nakikita ni Amelie sa bintana ng jeep na sinasakyan. Malapad ang ngiti ng dalaga dahil ito ang kanyang pinakaunang pagkakataon na maninirahan sa probinsya. Laking-Maynila kasi siya at ang kanyang mga magulang ay second-generation Chinese mula sa Shanghai, kaya wala siyang masasabing probinsyang pinagmulan.

Papunta siya ngayon sa bayan ng San Ildefonsa sa Kabisayaan para bisitahin ang dati nilang yaya na nag-resign apat na taon na ang nakakaraan para alagaan ang may-sakit nitong ama. Magagawa na niyang magbakasyon sa bayan ng kanyang Yaya Dodot dahil kaka-resign lamang niya sa kompanyang pinasukan.

Huminto ang jeep sa isang likuan na may banderitas ng *Welcome to the Municipality of San Ildefonsa*.

“Salamat!” sigaw niya sa driver at konduktor nang naibaba na ang kanyang maleta. Hinila niya ang trolley papasok

sa sementadong daang napapaligiran ng matatabang mahogany na pumapayong sa kalsada.

Hindi nagtagal ay may nakita na siyang pamamahay at naabot na ng kanyang tingin ang isang plaza kung saan nakatayo sa gitna ang isang simbahan na may dalawang batingaw, ang isa ay naguho. Ito sigurado ang sinasabing poblacion, ang pinakasentro ng bayan dahil dito nagkukumpulan ang simbahan, ang munisipyo at ang palengke. Mukha itong isang Mexican pueblo dahil sa iilang lumang bahay-Kastila na may capiz na bintana at mga adobe. Marami na rin ang mga modernong pamamahay na gawa sa semento, ngunit mayroon pa ring mga bahay kubo at ang malalawak nitong hardin sa harap o sa gilid ng bahay. Ang gagandang tingnan ng mga bougainvilleas!

Kailangan niyang may matanungan kung saan ang pamamahay ni Dorotea Salvador. Dumerecho siya sa isang panaderya sa bukana ng public market.

“Sa gilid po ng bahay ng mga Baraquil ang bahay niya.”

Tinuro ng panadero ang daan sa gilid ng

akasya. Derechuhin lang daw ni Amelie ang daan at makikita niya ang bahay ng mga Baraquil.

Hinila ng dalaga ang trolley papasok sa daan. Huminto siya sa isang tulay na gawa sa kahoy at kinunan ng litrato ang maliit na sapa. Sa kinatatayuan ay nakikita na niya ang bubong ng malalaking bahay. Dalawang pamamahay nga ang nakikita niya na nababakuran ng may kataasang bakod. Ang mas malaking bahay ay disenyong Jacobean sa puting pinta, mabibigat na bato at kahoy na trusses sa facade. Ang isa naman ay isang bungalow sa disenyong dekada otsenta sa puting pinta, balustre at pulang bricks.

Lumapit siya sa mga bahay at doon niya namataan ang isa pang bahay na natatakpan ng malaking Jacobean house, isang maliit na lumang bahay na may mga capiz na bintana at kamagong na poste. Doon sa terasa ay nakita niyang nakatayo ang kanyang Yaya Dodot. Takbuhan silang dalawa nang makita ang isa't isa. Ang kanyang yaya ay napaluha sa galak nang nayakap siya.



Apat na araw nang nasa San Ildelfonsa si

Amelie, ngunit hindi pa rin niya nakikita ang may-ari ng Jacobean na bahay. Subalit tuwing gabi ay may nakabukas na ilaw sa kuwarto na nakaharap sa kalsada. Mayroong gate sa gilid nito na nakaharap sa bahay ni Yaya Dodot at minsan ay napapatayo siya roon para tingnan ang mga halaman sa loob. May kasukalan ang hardin na nakapalibot sa bahay, ngunit napakamakulay nito dahil sa mga tanim na rosas, daisy, bougainvillea, petunia, dahlia at mums sa iba't ibang kulay.

“Sino ba ang nakauwi diyan?” tanong niya kay Mabelle, pamangkin ni Yaya Dodot habang binubungkal nila ang isang plot sa gilid ng bahay na nasa harap ng gate sa kabila. May dalawa na siyang plot na naibungkal at baka bukas ay makakapananim na siya dito. Mahirap din kasing linisin sa Bermuda grass ang lupa.

“Si Juan Baraquil.”

“Hindi ko pa siya nakitang lumabas.”

“Diyan lang siya,” sagot ng kaedad niyang dalaga.

Nang ikawalong araw ay hindi pa rin niya nakikita si Mr. Baraquil. Ngunit nang nagdaang araw ay may namataan siyang babaeng nakasuot ng itim na belo at ito ang lumabas ng

gate.

“Si Yanina Villanueva ’yon,” kuwento ni Mabelle habang nagmemerienda sila ng ginataang bilu-bilo sa terrace. “Sa kanila ang bungalow na bahay. Sila ni Mr. Baraquil ay magkasintahan kaso nga lang di makasal-kasal dahil parehong may mga sayad.”

“Sayad?” nagtatakang ulit niya.

“Hay, naku! Nag-umpisa ’yan nang parehong napatay ang mga magulang nila noong high school pa lang sila. Na-trauma siguro.”

Namilog ang mga mata ni Amelie.

“Patayan? Dito mismo?”

“Oo. Rebelde raw ang gumawa pero ang paniwala ng karamihan ay away-pulitika ’yon. Tumakbo kasing gobernador si Mayor Baraquil at si Ramon Villanueva, tatay ni Yanina ang campaign manager. Mabagsik ang nakaupong gobernador at parang matataob ito ng butihing alkalde, kaya inutusan ang isang grupo ng mga taong may baril upang patayin ang dalawang pamilya.”

Tumingin siya sa bahay sa kabila. Sarado ang mga kurtina niyon.

“Mabuti naman at hindi pinatay ang

magkasintahan,” aniya.

“Himala ngang nabuhay si Yanina dahil tadtad siya ng bala. Si Juan Baraquil ay nakatakas.”

“Nakaka-trauma nga.”

Ibinaba ni Mabelle ang kutsara nito sa plato. “Mas nakaka-trauma ang kaso na sinampa nila sa gobernador. Umabot ng isang dekada, ngunit walang nangyari. Namatay si Gobernador Arnaiz na hindi man lang napatawan ng kung anong parusa.”

Nalungkot si Amelie sa narinig.

“Pupunta nga sanang States si Kuya Juan noon para doon mag-aaral ng Political Science,” patuloy nito. “Dahil sa nangyari ay hindi na natuloy. Nag-aral na lang siya ng Agriculture sa kabilang bayan, pero hindi pa siya nakatapos dahil nagkaroon siya ng depression. Ikaw ba naman sa saklap ng nangyari sa inyo, hindi pa kayo makakuha ng hustisya. Naging withdrawn siya. Sayang nga dahil ang guwapo pa naman.”

“Kung wala siyang tinapos, ano’ng trabaho niya ngayon?” Na-curious siya kay Mr. Baraquil.

“Marami siyang ari-arian. May mga lantsa,

babuyan, at maraming investment na iniwan ng magulang. Meron pa ngang dormitoryo sa Maynila.”

Tumingin si Amelie sa bakod ng malaking bahay. “Sa tingin mo ba bibigyan ako ni Mr. Baraquil ng halaman kung hihingi ako sa kanya?”

“Tingin ko hindi.” Napangisi si Mabelle. “Kung ako sa iyo, dadaan na lang ako sa may maliit na siwang sa bakod. Diyan dati tumakas palabas si Mr. Baraquil n’ung nangyari ang pagpatay sa kanyang pamilya. Doon ka pumasok at hablutin mo kung ano ang gusto mo. Hindi naman siguro mapapansin na nabawasan ang mga halaman sa loob dahil parang sa kagubatan na d’yan.”

Napangisi rin siya. “Why not?”

Bumaba silang dalawa ng terrace at tinuro ni Mabelle ang siwang sa duluhan ng bakod. Maliit lang kaya nahirapan siyang gumapang papasok.

Masukal nga talaga ang loob. Matataba na ang sanga ng mga halaman. Mukhang noon pa ito tinanim at pinabayaan. Sa gilid ay may isang maliit na greenhouse at sa gitna ay isang fountain ng isang busto ni Athena

na nagbubuhay ng banga na siguro minsan ay nagbubuhos ng tubig. Malapit sa bahay ay isang hawla na wala nang ibon.

Tumingin siya sa bahay at kusina ang kanyang nabungaran dahil sa cupboard sa dingding na nakikita niya mula sa bintana.

Kailangan niyang maging mabilis at baka makita siya ng tao sa loob.

Lumapit siya sa tangkay ng rosas na nasa paanan ni Athena at doon nagbali ng sanga. Dapat pala ay nagdala siya ng gunting dahil mahirap baliin. Tatlong tangkay ang kinuha niya. Kumuha siya ng mga bulaklak ng chrysanthemum para makunan ng buto. Tumingin muli siya sa bahay para siguruhing walang gumagalaw bago hinablot ang isang buong daisy. Ito na lang muna at baka makahalata si Mr. Baraquil na kumulang ang halaman nito.

Gumapang siya pabalik ng siwang, at nasa kabilang bakod na siya nang naisip na kumuha ng bougainvillea. Sinuot niya ang kamay sa giwang at hinatak ang nakausling sanga ng bougainvillea at dahil matigas ang pagkakapit ng sanga, ginamitan niya ito ng buong puwersa. Tumba tuloy siya habang hatak ang

buong halaman kasama ang mga ugat-ugat.

Halos mamatay sila ni Mabelle sa katatawa.



Sabay na pumunta ng simbahan ang dalawang dalaga nang Linggong iyon. Nakaka-vibes talaga ni Amelie si Mabelle dahil sa kakulitan nito.

“Oy, crush ka raw ni Engr. Guzman. Gusto ka nga raw kaibiganin.” Itinuro nito ang chubby ngunit maputing lalaki na nakaupo sa likuran. “District engineer siya ng bayan.”

“Ala, baka marami nang nakurakot ’yan! Sa gobyerno kasi nagtratrabaho!” biro niya.

“Oy, mabait siya!”

Sinenyasan ni Mabelle ang engineer na lumapit sa kanila kaya tumabi ito sa kanila. At pagkatapos ng misa ay niyaya sila nito na pumunta sa cold spring sa Barangay Daig.

Pagdating sa batis ay napatili sa galak si Amelie. Ang ganda ng paligid! Nakayakap ang batis sa isang bangin at ang berde ng paligid. Paradise! Walang ganito sa siyudad. Kaagad niyang inilabas ang two-piece swimsuit na baon niya at nagtampisaw sa tubig.

Masaya kasama si Engineer Jeffrey at mga kaibigan nito. Nag-enjoy siya sa mga

kuwentuhan at asaran.

Mga alas cinco na nakauwi ang dalawang babae at papasok na sa gate nang may dumating na tanod ng barangay. May dala itong summon galing sa kapitan. Nirereklamo raw siya ni Juan Baraquil dahil sa pagnanakaw.

Pareho silang napakagat ng labi ni Mabelle.

“Huwag mong isumbong kay Yaya Dodot ito, ha!” sabi niya.

Tumango ang kasama.

Kinabukasan, dumerecho sila sa barangay hall na nasa duluhan ng barangay.

“Humingi ka na lang ng paumanhin,” payo ng kasama. “Maganda ka naman, eh. Siguradong maaawa sa ’yo si Kapitan Enriquez. Mahilig siya sa mapuputi.”

“Si Mr. Baraquil, sa tingin mo maaawa sa akin?”

“Yon ang hindi ko maipapangako!”

“Shucks!” ang tanging nasabi ni Amelie.

Pagdating nila sa barangay hall na gawa sa kawayan ay nandoon na ang kapitan. Pinaupo sila nito sa mahabang stool sa gilid. Hintayin daw nila si Juan Baraquil.

At eksakto alas diez nang dumating ang isang matangkad na mama na nakasombbrero

ng itim at puting t-shirt.

Siniko siya ni Mabelle. Ito na siguro si Mr. Juan Baraquil.

Hindi nakaahit ang bagong dating, kaya hindi niya matukoy ang hitsura basta mestisuhin ito sa namumulang balat at matangos na ilong. Pandalian itong tumingin sa kanya bago tinutok ang mga mata sa kapitan.

Silang dalawa ni Mr. Baraquil ay pinaupo nang magkaharap sa tapat ng mesa nito.

Matangkad ang lalaki dahil naaabot ng hita nito ang legs niya. Maiksi pa naman ang shorts niya. Inatras ni Mr. Baraquil ang upuan para makaiwas.

“Nagnakaw daw kayo, Miss, ng halaman sa bakuran ni Juan Baraquil?” umpisa ng kapitan.

Makaka-deny pa ba siya?

“Yes, I did. Pakisuma na lang ang damage ko at babayaran ko na lang.” Binigyan niya ng nagpapaumanhing ngiti si Mr. Baraquil.

Nag-iwas ng tingin ang huli.

“Mr. Baraquil?” tanong ni Kapitan Enriquez para malaman kung okay lang dito na bayaran niya.

“Hindi ako nangangailangan ng pera. Ibalik na lang niya ang mga halamang kinuha niya,”

sagot ng lalaki sa malumanay ngunit may galit na boses.

Tumingin siya sa kapitan at sa kaharap.

“Okay! Ibabalik ko.”

“Kung ganoon, bakit pa natin pahahabain ang usapan? Ibalik na lang natin kung ano ang kinuha para wala nang problema.”

Tapos na ang pag-uusap kaya unang tumayo si Mr. Baraquil at nagpaalam.

Nang nakalabas na sila ng barangay hall ay doon na sumambulat ang bibig niya. “Suplado ng lolo mo, Mabelle!”

“Sinabi mo pa!” tawa ni Mabelle.

Pagdating ng bahay ay napabuntong-hininga si Amelie dahil hahablutin na naman niya ang mga naitanim na. Puno na ng mga halaman ang isa niyang plot mula sa ninakaw sa bakuran ng Mr. Baraquil na iyon at sa binili nilang halamang rosas doon sa isang tiyahin ni Mabelle.

Umuwi si Mabelle sa kanila pagkatapos na masamahan siya sa summon, kaya naiwan siyang mag-isang pupunta sa pamamahay ng lalaki.

Walang doorbell kaya isinigaw-sigaw niya ang pangalan ng lalaki. Nakailang tawag na

siya bago lumabas ang pakay at binuksan ang nakakandadong pinto.

“I’m sorry,” sinsero niyang paghingi na paumanhin. “I should have asked permission but I hadn’t seen you for days.”

Tango ang tugon ni Juan Baraquil.

Dumerecho siya sa kinunan niya ng mga daisies at muling binalik doon ang mga halaman. Pati ang rose ay tinusok niya sa lupa malapit sa halaman na pinutulan niya.

Si Juan Baraquil naman ay naging abala sa paglagay ng tuyong dahon sa sako.

Nang naibalik niya lahat ay nagpaalam siya rito.

Tango na naman ang tugon ng lalaki.



Nang sumunod pang araw nalaman ni Yaya Dodot na pinatawag si Amelie sa kapitan ni Juan Baraquil. Nagluto ito ng biko dahil pupuntahan nila si Juan at hihingi ng pasensya ang matanda.

“Mabait na bata ’yang si Juan,” kuwento nito habang hinahalo ang asukal sa malagkit. “Nakakalungkot nga ang nangyari sa kanila. Wala ako dito noong mga panahong iyon. Naninilbihan pa ako sa inyo.”

Excited siya sa niluluto ng dating yaya. Nalungkot nga silang lahat nang nagpaalam ito para maalagaan ang may-sakit na ama. Sumakabilang-buhay na ang huli nitong nakaraang taon. Alam niyang malungkot ang yaya, kaya nga siya nangakong magbabakasyon sa bayan nito.

“Kung nagpaalam ka lang, siguradong bibigyan ka ni Juan.”

Dala ang biko ay sabay silang nagtungo sa kabilang gate. Kaagad naman silang pinagbuksan. Siguro dahil si Yaya Dodot ang nagtawag ng pangalan ng lalaki.

“Juan, gusto kasi ng alaga ko na humingi ng mga tanim mo,” sabi ng matanda. “Matagal na kasi niyang pangarap na magkaroon ng garden.”

“Saan po ba ang gusto niyong tanim, 'Nay? Kuha lang ako ng gunting at pala.”

Pinaturo sa kanya ni Yaya Dodot ang mga gusto niya. Lahat naman ng mga tinuro niya ay ginupit o hinablot ni Mr. Baraquil sa lupa.

“Dagdagan pa po ba?” tanong nito habang nilalagay ang lahat sa plastic bag.

Nahiya naman si Amelie kaya tumanggi na siya.

Pagbalik nila sa bahay ay muli siyang nagtungo sa plot para itanim ang mga binigay sa kanya ng kapitbahay. Halos mapuno ang dalawa niyang plot.



Chapter Two



Tahimik na nakaupo si Juan sa ottoman at nagbabasa. Naroon siya sa study. Kanina lamang ay bisita niya si Yanina. Nagkuwento ang babae tungkol sa nangyayari sa babuyan. Iniipit daw ang mga ito ng mga tauhan ni Mayor Guzman dahil kulang ang binayad nilang buwis. Loyalista ang kasalukuyang alkalde ng mortal nilang kaaway na si Gobernador Arnaiz. Sinabi ng kababata na natatakot ito dahil baka kung ano ang gawin sa kanila ng nabanggit na alkalde.

Sa dami nang nangyari ay manhid na si Juan sa away na ito. Ayaw na niyang patulan.

Ang pagbabasa talaga ang hilig niya. Ito ang kanyang eskapo.

“Mr. Baraquil! Mr. Baraquil!” Isang malakas na tawag ang bumulabog mula sa gate.

Nagsalubong ang mga kilay niya. Sigurado siyang ang alagang tsinita na naman ni Nanay Dodot ang kanyang *buwisita*. Ito lang ang tumatawag sa kanya ng ‘Mr. Baraquil’. Karamihan ay Juan o Kuya Juan ang tawag sa

kanya. Ano na naman kaya ang kailangan nito?

Kahit tinatamad ay tumayo siya at bumaba. Paglapit sa gate ay nandoon ang tsinita bitbit ang isang gunting.

“Dagdagan ko pa ang marigold ko, please!”

“Kahapon tinanong kita kung dagdagan pa, sabi mo hindi na,” sabi niya sa kausap. Hindi niya talaga maitago ang inis. Sa lahat ng ayaw niya ay ang istorbo.

Pero pumasok pa rin siya sa kusina para kumuha ng gunting at nagpitas ng anim na tangkay ng marigold. Pagbalik niya sa gate ay wala na ang babae.

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. Pinagupit siya ng marigold pagkatapos biglang mawawala? Tinapon niya ang halaman sa basurahan at bumalik sa study para magbasa.

Samantala, sa kabilang bahagi...

“Watch me!” sabi ni Amelie kay Mabelle habang nagdadampot ng bato. Niyaya niya ang kaibigan para tumayo sa bahay ng mga Villanueva dahil plano niyang gumanti sa pagkasuplado ng kapitbahay. Ayaw siyang pagbigyan ng marigold gayong ang dami-dami nitong halaman na ganoon.

“Kung magtanong si Kuya Juan kung

sino ang nagbato, sabihin nating si Yanina,” bungisngis ni Mabelle.

“Tumpak! Kaya nga dito kita dinala dahil kapag doon tayo sa pamamahay ni Yaya Dodot ay madali tayong matuturo.”

Nagbilang siya ng tatlo bago binato ang bintana.

Rinig na rinig niya ang pagbasag ng mga salamin.

Hagiggikan silang dalawa na tumakbo palayo sa lugar.

Nakangiti si Amelie habang dinidiligan ang kanyang plot. Ang tinanim niyang may mga ugat ay hindi natutuyo, pero ang mga tinusok lang ay nagkakatuyuan. Normal lang iyon dahil siguradong pagkatapos ng ilang araw ay sisibol din naman.

“Amelie, halika nga,” tawag sa kanya ni Yaya Dodot. Seryoso ang bilugan nitong mukha at magkasalubong ang mga kilay. Sumunod siya rito papasok ng bahay.

“Kayo ba ang nagbato sa bahay nina Juan? Nabasag ang vase na kinalalagyan ng abo ng mama niya.”

May kung anong malamig na dumaan sa batok ni Amelie. Hindi siya sumagot pero

dahil ang yaya na ang nagpalaki sa kanya, siguradong basa na nito ang nasa utak niya.

Hindi ito nanermon ngunit halatang galit dahil matunog ang paghanda nito ng kanilang magiging hapunan. Nagdadabog ito.

Lumabas siya sa terrace at tumingin sa malaking bahay sa kabila. Hahanap siya ng oras at hihingi siya ng pasensya. May naisip siyang ideya.



Nang sumunod na araw, nagpasama si Amelie kay Mabelle na pumunta sa palengke. Gagawa siya ng neck pillow para kay Juan.

“Ikaw naman kasi!” sabi nito habang papasok sila sa palengke.

“Anong ako? Ikaw kaya ang palaging promotor ng mga karatantaduhan. Nahawa lang ako sa ’yo.”

“Aba! Aba! Akala mo hindi naikuwento sa akin ni Nanay Dodot ang mga kabalbalang nagawa mo. Nilagyan mo raw ng ahas ang aparador ng pinsan mo.”

Natawa si Amelie sa narinig. Sa kanila kasi dati umuuwi nang isang taon ang pinsang si Jannah dahil nagkahiwalay ang mga magulang nito. Dahil tsinismis siya nito sa mga kaklase

na nagnakaw ng mga barya nito na hindi naman totoo, binilhan niya ito ng ahas sa may Aranque para takutin. Pinalo tuloy siya ng sinturon ng kanyang daddy. Rason niyang wala namang kamandag ang ahas. Hindi naman mamamatay si Jannah kung tutuklawin.

Kinalabit siya ni Mabelle at tinuro ng tingin ang isang babae na pumipili ng patatas sa isang stall. Mabilis silang napaliko sa kanang eskinita para makaiwas ngunit mukhang nakita sila ni Yanina dahil sinundan sila.

Binilisan nila ang lakad ngunit hindi naglaon ay may kamay na kumalabit sa kanya.

Wala na silang nagawa kundi ang harapin si Yanina.

Matalim ang tingin nito sa kanila at galit na pinagsabihan sila nito. “Sa inyo, laru-laro lang! Hindi n’yo alam na nakakasakit na kayo!”

“Teka, ano ba ang pinagsasabi mo, Ate Yanina?” tanong ni Mabelle.

Hindi na nagsalita si Amelie. Nakakahiya kasing i-deny pa. Gusto nga niyang batukan ang kasama.

“Sino pa nga ba ang mangbabato?” Tumingin sa kanya nang masama si Yanina bago itinuon ang tingin kay Mabelle. “Kilala

kitang mabait, Mabelle. Ingat sa mga masasamang impluwensya.”

At umalis na rin ito.

Hindi na nakapagsalita si Amelie sa huling tinuran ng babae. Tahimik silang dumerecho ni Mabelle sa isang tindahan sa duluhan ng hilera ng mga tindahan na nakabakod sa palengke. Bumili siya roon ng green at blue na tela. Ipinagpaalam nga niya sa kanyang yaya na bawasan ng bulak ang unan niya para may magamit siya para sa neck pillow.

Pagbalik ng bahay ay kaagad na niyang pinakialaman ang makina de padyak ni Yaya Dodot. Marunong siyang manahi dahil noong isang summer ay nag-aral siya ng sewing nang dalawang buwan. Neck pillow merchandising kasi ang thesis niya para maka-graduate sa kursong Marketing kaya mas maiging marunong siya mag-produce niyon. Ginupit niya ang isang pares ng shorts na maong niya para gawing letrang ‘I’m Sorry’. Pagkatapos niyang matahi ng kamay lahat ng letra ay tuwang-tuwa siya sa kinalabasan ng neck pillow.

Dumerecho kaagad siya sa kabilang gate para tawagin ang pangalan ni Mr. Baraquil

ngunit walang bumaba. Alam niyang galit ang lalaki kaya hindi siya pagbubuksan nito. Gumapang siya sa giwang para makapasok. Dumerecho siya sa kusina at natuklasan niyang hindi ito naka-lock.

“Mr. Baraquil, yoo-hoo! Pumasok ako, ha!”

Walang tao sa kusina kaya pumasok sa hallway si Amelie patungo sa sala. Wala rin doon ang lalaki. Inilibot niya ang mga mata. Sa gilid ng grandfather’s clock ay may pintong bahagyang nakabukas. Lumapit siya roon at sumilip. Nandoon ang kanyang hinahanap, nagbabasa. Siguradong narinig nito ang pagtawag niya, ngunit nagbibingi-bingihan lang.

“Hallo!” bati niya. “I brought you something!”

Walang plano si Juan na pansinin siya.

Lumapit siya sa gilid nito at inilagay ang paper bag sa itaas na gawi ng binabasa nitong libro.

Wala itong nagawa kundi ibaba na lang ang babasahin, ngunit hindi napatingin sa kanya.

“I just want to say sorry for what I did,” sinsero niyang paghingi ng paumanhin. “Yan ang ipapalit ko sa vase na nabasag. Sorry it’s

not really that expensive. Wala kasi masyadong mapagpilian dito.”

Itinaas ng tahimik pa ring binata ang mukha at binigyan siya ng isang matalim na tingin.

Sa malambing na boses ay nagpatuloy si Amelie, “Mr. Baraquil, sorry na. Ang totoo niyan, I brought you another something. Dyaran!” Inilabas niya mula sa likuran ang ginawang neck pillow. Proud siya sa ginawa dahil maganda ang kinalabasan.

Hindi nito tinanggap iyon. At nilagay pa nito sa sahi ang paper bag ng vase.

Tingin niya ay hindi talaga tatanggapin ng lalaki ang iniaabot kaya mas mainam na ilagay niya ang neck pillow sa leeg nito para malaman nito kung gaano kakomportable ang ginawa niya. Napaduko siya nang kaunti para malagay nang husto ang neck pillow at hindi niya akalaing isang mabini, ngunit lalaking-lalaking amoy ang sasagi sa kanyang ilong. Bigla siyang kinilig.

Hindi napawi ang talim sa mga mata nito.

Nginitian niya ito. “Di ba it’s so nice? Kapag nagbabasa ka, pwede mo ’yang gamitin para hindi mangalay ang leeg mo.”

Hindi nito kinuha ang bagay na iyon na nasa leeg, ngunit gumalaw ito kaya nahulog ang neck pillow. Sasaluhin niya sana ngunit nadulas iyon sa kamay niya at nahulog sa kandungan ng lalaki.

Ang kaninang talim sa mga mata ni Mr. Baraquil ay biglang nawala. Napasinghap ito sa sobrang pagkabuwisit, sabay dampot sa neck pillow.

Ang problema ay dinampot din niya iyon. At dahil payat at pabilog ang neck pillow at nakatutok ang paningin niya sa mga mata nito kaya *iba* ang kanyang nadampot.

Pareho silang pasong napalayo sa isa't isa.

“I... I’m sorry...” Kagat-labi ay mabilis siyang nagpaalam.



Chapter Three



Maalinsangan ang panahon nang araw na iyon. Sa maliit na hati sa kurtina sa kusina ay napatingin si Juan sa gate sa bandang kusina.

“Kailangan nating gumawa ng paraan,” ani Yanina habang nakaupo sa ottoman at hinahaplos ang alaga niyang pusa.

“Kausapin mo si Atty. Sanchez,” payo niya.

“Bulag ka ba? Alam mo naman sa kabila kumakampi ang abogadong ’yan!”

Hindi siya nagbigay ng opinyon.

“I know what you’re thinking!” May igting na ang boses ng babae. Magwawala na naman ito. “We can trust no one in here but ourselves! Baka si Atty. Sanchez pa ang maglilibing sa ating dalawa sa hukay!”

“At sino ang gusto mong kausapin?” Hindi niya mapigilan ang mayamot.

“At sinisigawan mo ako?”

“Hindi naman ako sumisigaw, ah!”
katuwiran niya.

“After what I’d suffered for you! After what

my family suffered for your family, tratratuhin mo ako nang ganyan?”

Hindi na nagsalita si Juan dahil ayaw niya ng away. Si Yanina ay talak pa rin nang talak. Sinipa niya ang mesa at mabilis na lumisan.

Noong bata ay mayroon siyang pinupuntahang sekretong lugar kapag napapagalitan ng magulang. Iyon pa rin ang pinupuntahan niya ngayon kapag masyadong siyang bagabag. Nakakakalma ang agos ng tubig sa ilog na ilang minuto ring lalakaran mula sa kanilang bahay. Pagdating doon ay kaagad siyang humiga sa damuhan at tinakpan ang mga mata.

Ilang minuto rin siyang nakahiga hanggang sa pinaupo ang sarili. Nahulog ang mga susi sa kanyang bulsa, kaya pinulot niya at noon niya nalamang hindi siya nag-iisa. Apat na metro mula sa kanya ay nakahiga rin sa damuhan si Amelie. May suot itong shades at malaking yellow headset. Mukhang tulog ito. Siguradong hindi nito narinig ang pagdating niya dahil sa suot na headset. Ang hindi niya inasahan ay sobrang kitid ang suot nitong pink two-piece swimsuit. Iiwas niya sana ang mga mata ngunit nakakasilaw ang kaputian nito.

Napaawang ang mga labi ni Juan nang inarko ni Amelie ang sarili para humikab, taas-kamay kaya kita ang napakapino at napakaputing kilikili nito. At napabuka pa ang mga hita nito.

“Mr. Baraquil, nandito pala kayo?” tanong nito sa kakagising na boses. Ibinaba nito ang shades at headset bago lumusong sa ilog. Nagfloat ito para mawala ang antok hanggang sa mabilis na itong napalangoy. “Mr. Baraquil, dali! Masarap ang tubig!” sigaw nito.

Nang hindi siya gumalaw ay sinabuyan siya ng babae ng tubig.

At matindi ang tsinita dahil umalis ito ng tubig para kaladkarin siya. At siya namang hilo ay nagpakaladkad.

Lumusong si Amelie sa tubig at lumangoy papunta sa likuran niya saka kinalabit nito ang kanyang batok. Kung hahayaan niya ang kakulitan nito ay baka kung ano na ang kanyang magawa. Hinawakan niya nang maigi ang mga balikat nito at pinagsabihan. “Wala ka na sa lugar.”

Natigilan ang babae.

Tumalikod naman siya para makaahon.



Napatingin si Amelie sa kabilang bahay mula sa terasa ng tahanan ni Yaya Dodot. Ang sama ng ugali ng lalaki. Anong wala siya sa lugar? Kinalimutan na nga niya ang mali niyang pagnakaw ng halaman nito at pinilit na maging kaswal, ngunit kung anu-ano pa rin ang iniisip nito.

Ipinangako niyang hindi na siya maliligaw sa kabilang bakod.

Naging abala siya sa kapiyestahan ng San Ildefonsa. Maraming activities sa plaza at palagi siyang iniimbita ni Engr. Guzman. Ngayong gabi nga ay inimbita siyang maghapunan sa bahay ng inhinyero dahil kaarawan ng mama nito.

Isa sa pinakamalaking bahay sa bayan ay ang bahay ng binata. At napag-alaman niyang magkapatid pala ang ama nito at ang alkalde ng San Ildefonsa na ngayon ay naglalaro ng mahjong sa terrace.

“Ikaw pala ang palaging kinukuwento ni Jeffrey sa akin,” anang ina ni Engr. Guzman. “Napakaganda nga pala talaga.”

Nagpasalamat naman siya sa papuri.

Pinaupo ang grupo nila sa isa sa mga mesa sa terrace, malapit sa mahjongan. Pinagsilbihan

silang Mrs. Guzman ng paella. Sarap na sarap siya sa pagkain nang narinig ang usapan sa kabilang mesa.

“Matagal na ’yon ngunit hindi pa rin makalimutan nina Baraquil,” sabi ng alkalde. “Ano’ng ikinasakit nila ng loob sa akin? Dahil loyalista ako ni Gobernador Arnaiz? Hindi ko naman dine-deny na totoo ’yon. Nang nagkaproblema noon nang malaki si Papa, si Gobernador ang tumulong. Kami, tumatanaw kami ng utang-na-loob.”

“Bakit kasi hindi paimbestigahan ni Baraquil ang babuyan niya?” sabad ng isang matandang nakasalamin. “Ang *BIR* nga may nakitang kakaiba, bakit siya wala? Paimbestigahan niya si Kadio dahil may ginagawang anomalya ’yon.”

“Maganda naman ang pinagsamahan namin ng tatay niya noong alkalde ’yon at konseho ako,” patuloy ni Mayor Guzman. “Naaawa ako sa batang ’yan. Parang hindi siya makalampaslampas sa depression gayong mahigit isang dekada na rin ang dumaan. Sayang! Ang taas pa naman ng pangarap ng tatay niya sa kanya.”

“Oo nga,” sang-ayon din ng isa. “Ako pa ang principal ng academy nang high school

siya. Matalinong bata si Baraquil kaya sa lahat ng naging estudyante ko, higit akong nanghihinayang sa kanya. Even his teachers expect something big from him.”

Nawalan tuloy ng gana kumain si Amelie. Nasasaktan ang puso niya para sa supladong kapitbahay. Matindi pala talaga ang pinagdaanan nito at wala na siyang ibang ginawa kundi buwisitin ang lalaki.

Naiba ang topic sa kabilang mesa, pero bukas pa rin ang tainga niya dahil marami pa siyang gusto malaman tungkol sa kapitbahay. Ngunit hindi na muling nasambit ang pangalang Baraquil.



“Amelie, pupunta ako sa kabilang bayan dahil may sakit ang kuya ko,” sabi ni Yaya Dodot habang bitbit palabas ang isang malaking bag. “Hindi na kita isasama dahil mas mag-e-enjoy ka sa fiesta dito.” Tumingin ang matanda kay Mabelle. “Samahan mo palagi si Amelie, ha!”

Tumango ang dalaga.

Nang medyo dumilim na ang langit ay naging abala na sa pagpapaganda ang dalawang babae para sa luau party ng local

government unit ng San Ildefonsa. Binigyan sila ng passes ni Jeffrey para maka-attend.

Ang problema ay nang nakalabas sila ng bahay ay nag-text ang inhinyero na hindi sila masusundo at hindi ito makaka-attend ng party dahil nagka-high blood ang mama nito at kailangang samahan.

Sayang ang bihis nila kung hindi rin sila matutuloy. Dumerecho sila sa kalsada at nang nasa harap na ng bahay ni Juan ay napatingin siya sa nag-iisang bintana na may ilaw. May kung anong lungkot na lumukob kay Amelie. Nasasayangan pala ang karamihan kay Mr. Baraquil. Kung may magagawa lang sana siya....

Masaya nga ang luau party pagdating nila sa plaza. Ang problema ay dumating pa ang nobyo ni Mabelle at sa isang iglap ay nawala ang babae habang nagsasayawan. Nagpasya na lang siyang umuwi. Napansin niya ang isang grupo ng mga lalaki na sinundan siya.

Pagdating sa bahay ni Yaya Dodot ay nagmamadali siyang pumasok. Nang nasa loob ay ikinandado niya ang pinto at dumerecho sa kusina. Lumabas siya sa backdoor at tinungo ang giwang para makagapang papunta sa

kabilang bahay.

Napatakbo siya sa kusina. Tinutulak niya ang pinto nang nabundol niyon ang katawan ni Mr. Baraquil na magla-lock sana. Hindi na niya mapigilan ang mapayakap sa lalaki. Nagulat ito ngunit nang nabasa nito ang nerbyos sa mukha niya ay niyakap din siya.

“Ano’ng problema?” tanong nito sa nag-aalalang boses.

“May grupo kasi ng mga lalaki doon sa labas ng bahay. Ayaw nilang umalis. Wala pa naman si Yaya Dodot.”

Matagal na natahimik si Juan, ngunit mayamaya ay inakbayan siya at iginiya papuntang aklatan. Pinaupo siya sa ottoman.

“Hintayin mo ako dito,” sabi nito, sabay bunot ng baril sa mesa.

Nahintakutan naman siya sa nakitang sandata. Napayakap siya sa sarili nang lumabas ang lalaki sa silid.



Pagkalabas ng silid ay nakita kaagad ni Juan ang grupo ng apat na lalaki na nakatambay sa harap ng bahay ni Nanay Dodot. ‘Nanay’ ang tawag niya sa dating tagapag-alaga ni Amelie.

Lumapit siya sa mga ito. “Gabi na! Umuwi

na kayo dahil nakakaabala na!”

“Bakit? Sino ka ba para utusan kami?” tanong ng isang binatilyo. Matapang itong tumingin sa kanya. Hula niya parang nakahithit ng ipinagbabawal na droga.

Itinuro niya ang nakabukol na sandata sa tagiliran. “Umalis na kayo o papuputukin ko sa mga ulo n’yo ang baril ko!”

Napaatras ang apat na lalaki at nagmamadaling umalis.

Nang nakalayo na ang grupo ay bumalik na siya sa kanilang bahay. Nandoon pa rin sa aklatan si Amelie, takot na takot. Inakbayan niya ito para maalalayang makabalik sa tahanan ng dating yaya nito. Habang akbay ang dalaga ay amoy na amoy niya ang napakabango nitong buhok at damang-dama niya ang napakalambot nitong kutis. Tinimpi niya ang sarili na huwag halikan ang babae.

Iniupo niya ito sa sofa at nagpaalam nang aalis.

“Don’t leave, please,” pagmamakaawa nito, sabay hatak sa kamay niya.

Hindi naman siya nakapalag nang nakaupo na sa sofa. At hindi na niya mapigilan ang sarili na yakapin ang ninenerbyos na dalaga. Unang

kita niya pa lang kay Amelie nang dumating ito sa bahay ni Yaya Dodot ay parang sa araw na suminag ang kaputian nito.

“Kung hindi mo ilalayo ang katawan mo, hindi ko na talaga mapigilan ang sarili ko.”

Hindi ito natinag.

Nginig-labi ay hinalikan niya ang tainga ng dalaga. Dahan-dahang dinadampian ng dila niya ang hulma niyon.

Napapikit ang babae.

Dinampian niya rin ng halik ang ilong nito, ang pisngi, ang mata, ang labi....

Hindi makagalaw si Amelie ngunit nang lumaon ay tumutugon na ito sa mga halik niya. Halos lamunin na ni Juan ang masarap nitong labi.

Binuhat niya ang magaan nitong katawan at iniupo sa kanyang kandungan. Niyakap niya ito nang mahigpit habang naglalakbay ang kanyang mga labi pababa sa leeg nito.

Napasinghap ang dalaga. Ipinasok ni Juan ang mga kamay sa loob ng tank top nito at ini-unhook ang bra. Gigil na gigil siyang dinama ang dibdib nitong napakalambot sa kanyang mga palad. Hindi pa nakontento ay hinubad niya ang pang-itaas nito at halos mabaliw

siya nang buong layang nahantad sa kanyang paningin ang dalawang umbok nito.

Sa isang iglap ay naihiga niya ito sa sofa at ibinaon ang mga labi sa dibdib nito. Dinilaan niya nang dinilaan ang nipple ni Amelie kaya napaungol ito.

Hinubad niya ang suot na t-shirt at pantalon. Sunod ay binuksan niya ang butones sa pantalon ng babae para mahubaran ito. Wala siyang narinig na pagtutol mula rito. Muli ay siniil niya ito ng halik at niyakap nang mahigpit.

Bumaba siya ng upuan para makaupo sa sahig at komportableng malaro ang pusod ng kaniig. Bawat dampi ng mga labi niya ay napapaarko ang likod nito.

“Juan, stop...” bigkas nito sa pangalan niya sa pagmamakaawa na itigil na niya ang pagsisid sa pusod dahil halos maputol na ang hininga nito sa kiliti.

Hindi niya pinansin ang pagmamakaawa ni Amelie. Hinayaan niyang maglakbay ang isang kamay niya mula sa hita nito at dinama ang kaselanan sa ilalim ng panty nito. Basang-basa ang babae.

“Baby, I can’t breathe!” nasabi nito nang

ipinasok niya ang kamay sa loob ng panty nito at inumpisahang laruin ng kanyang mga daliri ang munting butil doon. Napapaungol na muling napaarko ang likod ng dalaga dahil sa nararamdamang masarap na sensasyong nanulay sa katawan nito dahil sa ginawa ng binata.

Ramdang ramdang na ni Juan ang paghabol nito ng hininga kaya nilubayan na niya ang paghaplos *doon*. Suminghap ito ng hangin. Lumipat siya ng puwesto, sa paanan nito. Ibinaba niya ang kaliwang paa ng babae at pinanatili ang kanan sa upuan. Dahan-dahan ay pinagapang niya ang dila sa kaliwang hita nito. Ibinaba niya ang panty ni Amelie at sa lilim ng ilaw ay nabanaag niya na kahit doon ay sobrang kinis nito at ang puti. Parang siyang asong ulol na nagsisid doon.

“Juan...” pagmamakaawa ng babae habang nakasabunot sa buhok niya. Iniwan niya ang maselang bahagi nito at itinaas ang sarili upang muli itong hagkan sa labi.

Isang malakas na pagbukas ng pinto ang nagpatigil sa kanila. Mabilis na tinakpan ng binata ang katawan ni Amelie para maitago sa kung sinumang iyon na pumasok.

Si Mabelle, awang ang bibig na nakatingin sa kanila.

